# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 18, 2023, LUNES, IKA-9:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED 03 OCT 2023 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 10/03/23 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 363-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 100-T2023 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 004-T2023 NG BARANGAY SANTO ANGEL SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG HALAGANG P500.00 SA HONORARIA NG SANGGUNIANG BARANGAY (ELECTED AND APPOINTED OFFICIALS) NA MAGMUMULA SA PONDO NG PERSONAL SERVICES-BARANGAY FUND AT KARAGDAGANG ALLOWANCE SA MGA KATULUNGIN NA NAGKAKAHALAGA NG P300.00 NA MAGMUMULA SA PONDO NG MOOE – BARANGAY FUND NA IPATUTUPAD SA ENERO 2024.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 100-T2023 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 004-T2023 na nagdaragdag ng halagang P500.00 sa honoraria ng Sangguniang Barangay (Elected and Appointed Officials) na magmumula sa pondo ng Personal Services – Barangay Fund at Karagdagang Allowance sa mga Katulungin na nagkakahalaga ng P300.00 na magmumula sa pondo ng MOOE- Barangay Fund na ipatutupad sa Enero 2024;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Patrocinia S. Kalaw at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 100-T2023/ Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 004-T2023 na nagdaragdag ng halagang P500.00 sa honoraria ng Sangguniang Barangay (Elected and Appointed Officials) na magmumula sa pondo ng Personal Services – Barangay Fund at Karagdagang Allowance sa mga Katulungin na nagkakahalaga ng P300.00 na magmumula sa pondo ng MOOE-Barangay Fund na ipatutupad sa Enero 2024.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 18, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

10/2/23

CO2823351